

## TAGALOG

### Abiso sa Mga Nanghihiram tungkol sa Wika

---

**Malamang na isagawa Ingles ang iyong transaksyon ng mortgage loan.** Malamang ay nasa Ingles ang mga impormasyong matatanggap mo at ang mga opisyal na dokumento.

**Gusto naming maunawaan mo ang transaksyon. Mayroong mga pagsasalin-wika na magagamit bilang karagdagan sa mga dokumentong nasa wikang Ingles.** Ang mga dokumentong ito ay para tulungan kang maunawaan ang transaksyon. Maaaring hindi ka mabigyan ng nagpapahiram o nagbibigay ng serbisyo sa iyo ng mga serbisyo ng pagsasalin-wika o mga dokumentong isinalin.

**Maaari ring makakuha ng tulong sa wika at mga mapagkukunan sa pamamagitan ng mga ahensiyang nagpapayo tungkol sa pabahay** na aprubado ng Kagawaran ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod ng Estados Unidos (U.S. Department of Housing and Urban Development, HUD). Makikita mo ang isang listahan ng mga ahensiyang nagpapayo tungkol sa pabahay na aprubado ng HUD sa [www.hud.gov/counseling](http://www.hud.gov/counseling).

1. Piliin ang “[housing counseling agency](#)” na malapit sa iyo, pagkatapos ay piliin ang iyong estado.
2. Para maghanap ng mga ahensiyang nagpapayo tungkol sa pabahay na malapit sa iyong lugar na nagsasalita ng iyong wika, piliin ang “Click here to narrow your search” at pumili ng wika.
3. O kaya, tawagan ang HUD sa 800-569-4287 para makakuha ng tulong sa paghanap ng isang tagapayo.

Makakakuha rin ng mga impormasyon tungkol sa mga tagapayo sa pabahay sa [www.consumerfinance.gov/find-a-housing-counselor](http://www.consumerfinance.gov/find-a-housing-counselor).